



PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO #439 MARCH 04 - 17, 2021

World Class Realty Point Brokerage

AFFORDABLE HOMES

New Homes and Pre-Construction Condos

Search Here - Find Here

www.HOUSEPRICE.ca


Right Realtor Right Price



HousePrice.ca

Sam Surendran

Sales Representative

Dir: 647.350.0220

World Class Realty Point Brokerage

55 Lebovic Ave, #C115, Toronto, ON M1L 0H2. Tel: 416.444.7653

Pandemic mananatili sa buong 2021 – WHO

Patuloy pa rin mananalasa ang coronavirus 2019 ngayong buong 2021 sa kabila ng pag-uumpisa ng 'vaccination program' ng iba't ibang panig ng mundo.

Ayon kay World Health Organization (WHO) emergencies director Michael Ryan na hindi makatotohanan na magtatapos ang pandemya sa katapusan ng taon ngunit malaki naman ang tsansa na mabawasan ang mga nagkakasakit ng malubha at nasasawi.

Kontrolado pa umano ng virus ang mundo. Patunay umano nito ang pagtaas pa ng average ng mga bagong kaso sa buong mundo nitong nakaraang linggo matapos ang anim na linggong patuloy na pagbaba ng mga datos.

Sa pagbabakuna sa mga health care workers at mga nasa 'most vulnerable', matatanggal naman ang takot ng tao sa pandemya at mababawasan ang negatibong epekto.

Nagbabala naman sa pag-rerelax sa health protocols ng ibang mga bansa si WHO director-general Tedros Ghebreyesus partikular sa mga bansa sa Europa, Americas, southeast Asia at eastern Mediterranean.

"Vaccines will help to save lives, but if countries rely solely on vaccines, they're making a mistake. Basic public health measures remain the foundation of the response," giit ni Ghebreyesus. *Pilipino Star Ngayon*

HELLO STRANGER THE MOVIE

STARRING: TONY LABRUSCA, JC ALCANTARA

PRE-SELLING AT \$2.99 UNTIL FEB 11

Available on iWantTFC, TFC IPTV Video on Demand, and ktx.ph

TFC IPTV Premium subscriber get 25% off on Movies for Rent.

ENJOY A ROLLERCOASTER OF EMOTIONS THIS FEBRUARY!

ANG DALAWANG Mrs. Reyes

HELLO LOVE GOODBYE

Isa Pa With Feelings

the hows of us

WHAT'S NEW ON APPLE TV

UnBREAKABLE

MY LOCK DOWN Romance

itunes.com/abscbn Watch on Apple TV

GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government**
to file and administer programs that can
relieve your serious debt problem and
give you a **'fresh start'**

- ▶ **Get Out of Debt**
- ▶ **Stop Collection Calls**
- ▶ **Stop Interest Charges**
- ▶ **One Low Monthly Payment**
- ▶ **Without Bankruptcy**
- ▶ **Without Loans**



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

 **DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ■ TORONTO ■ PICKERING / AJAX ■ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ■ BRAMPTON

Libreng Konsulta ng problemadong ngipin ng isang mahabaging Pinay Dentist sa Scarborough

Scarborough - Isang bihasang dentistang Pinayang handang tumulong sa mga kababayan na nangangailangan ng atensyon sa kanilang problemadong mga ngipin.

Huwag mahiya o mag-atubiling tawagin ang kababayan Pinay at marunong siyang magtagalog.

Ang pangalan ng naturang Pinay Dentist ay Ayrine Diaz-Sutcliffe. Isang **Independent Registered Dental Hygienist** Madali siyang lapitan at maging kausapin sa wikang English at Tagalog.

Maunawain ang naturang dentista lalo na sa mga kababayan dahil sa tagal nang naging karanasan sa paggagamot at pangangalaga sa mga ngipin.

Ang mga katulong sa ngipin ay may mahalagang papel sa isang tanggapan ng ngipin. Makakatulong sila sa sa iyo na maghanda para sa pangangalaga upang maging malusog ang iyong mga ngipin.

Huwag mahiyang talakayin ang mga personal na mga isyu sa iyong ngipin. Ikaw ay isang mahalagang piraso ng paggawa ng desisyon na proseso at magkaroon ng pananaw at instincts na maging ang iyong dentista ay hindi.

Ang iyong doktor ay nais ang pinakamahasag na kahihinatnan para sa iyo ng mas maraming tulad ng

iyong ginagawa, kaya huwag matakot na magtanong, mga alalahanin o ibahagi ang impormasyon sa iyong dentista. Magbigay ng kapangyarihan ang iyong sarili upang matiyak na natanggap mo ang pinakamahasag na posibleng pag-aalaga.

Maging bukas at magkaroon ng matapat na talakayan sa iyong medikal history at maaaring maging mahalaga sa iyong kakayahan upang ma-access ang kailangan ng pag-aalaga sa iyong ngipin.

Ayonsakasaysayan, ang mga pasyente ay hindi nakadama tulad nang magkaroon sila ng pagpipiliang mga bukas na dialogue tungkol sa mga kurso ng paggamot, alternatibong opsyon sa paggamot, ang gastos ng paggamot at kung paano ito ay maaaring makaapekto sa mga pasyente at desisyon ng doktor.

Ang mga pasyenteng may mahusay na relasyon sa kanilang dentista ay nakatatanggap ng mas mahusay na pag-aalaga at karaniwang may mas masayang tulong pangkalusugan na kanilang natatanggap.

Matatawagan si Ayrine sa tel. **416-571-4847**. Ang lugar ng clinic ay **2130 Lawrence Ave. East Suite 104 Scarborough ON M1R 3A6**. *"All required safety precautionary measures for Covid-19 implemented,"* ayon kay Arrine Dental Hygienist.



Ayrine Diaz-Sutcliffe
Independent Registered Dental Hygienist



Tagpo ng masayang pasyente at ang Dental Hygienist si Ayrine Diaz-Sutcliffe

PRRD. nanindigan na hindi tatakbo sa pagka-Pangulo si Mayor Sara

Nanindigan si Pangulong Rodrigo Duterte na hindi tatakbo sa 2022 national elections ang kanyang anak na si Davao City Mayor Sara Duterte.

Sinabi ito ng Pangulo matapos siyang himukin ni Surigao del Sur Governor Ayec Pimentel na patakbuhan ang presidential daughter at ang dating presidential aide na si Senator Christopher “Bong” Go sa halalan sa 2022.

Iginiit ng Punong Ehekutibo na kailangan niyang manindigan na huwag patakbuhan sa pagka-pangulo ang kanyang anak dahil sa mga masasamang nangyayari sa pulitika.

Unang sinabi ni Pimentel na na-is lamang nila na magkaroon ng continuity sa ginagawa ngayon ng administrasyon kabilang na sa lahat ng mga napagtagumpayan nito.



Davao City Mayor Sara Duterte

Inihayag ni Pimentel na kailangan ay makumbinsing tumakbo sina Mayor Sara o Senator Go.

Maging si Senator Go ay nagsabi na hindi ito tatakbo para sa mas mataas na posisyon sa gobyerno. *Brigada News*

Mahirap Sugpuin Korapsyon Sa Pinas - Duterte

MANILA — Aminado si Pangulong Rodrigo Duterte na imposibleng matapos ang korapsyon sa gobyerno. Bagaman nangako siya, hindi dapat asahan na magiging malinis na malinis ang bukrasya dahil imposible itong mangyari.

“I cannot --- do not expect me to entirely clean as a pristine clean the bureaucracy. That is impossible and cannot really be achievable. Pero as we go along our way, marami na tayong -- talagang itong corruption,” ani Duterte.

“As I have promised the nation, I said I would dedicate the last remaining months of my stay in the Office of the President going after corrupt people. So

that by the time na ano, maminus-minus na,” ani Duterte.

Ipinag-utos din ni Duterte sa PDEA na patalsikin ang lahat ng suspendido dahil sa iba’t ibang kasalanan.

Kabilang dito sina, Julius Navales – Director III, Administrative Holding Office - Administrative (and) Human Resource Service, na may kasong “misconduct at conduct prejudicial to the best interest of the service”, Erwin Ogario – Director III, Administrative Holding Office - Administrative and Human Resource Service. Grave misconduct, pinalaya ang isang drug suspect at hindi isinama ang 500 piraso ng ecstasy sa inventory ng ebidensiya.

4 BoC officials, pinakakasuhan dahil sa isyu ng mga basurang galing Canada na dinala sa Phil noong 2013

Inirekomenda ng Department of Justice (DoJ) na sampahan ng patong-patong na kaso ang dalawang Bureau of Customs (BoC) examiners at dalawang appraisers dahil sa illegal importation ng hazardous solid waste mula sa Canada noong 2013 at 2014.

Sa resolusyon ng DoJ panel of prosecutors, sinabi nitong mayroong probable cause para sampahan ng kaso sina BoC examiners Benjamin Perez Jr. at Eufrazio Ednaco, appraisers Matilda Bacongan at Jose Saromo dahil sa paglabag sa Republic Act No. 6969 o ang Toxic Substances and Hazardous at Nuclear Waste Control Act of 1990.

Nakasaad sa resolusyon ng DoJ panel na nagsagawa ng preliminary investigation na dapat ay alam o kailangang alamin ng mga customs examiners na sina Perez at Ednaco ang nilalaman ng kargamento na pumapasok sa bansa kung ito ba ay hazardous materials at hindi plastic scrap materials.

Inabsuwelto naman ng panel sina Juan Miguel Cuna, undersecretary ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) at tatlong

iba pang opisyal sa criminal charges sa kaparehong isyu o ang pag-import ng solid waste.

Absuwelto rin ang tatlong Environmental Management Bureau officials na sina Irvin Cadavona, Geri Geronimo Sañez at Renato Cruz.

Ibinasura rin ng DoJ ang reklamo dahil sa paglabag sa RA 3019 o Anti-Graft and Corrupt Practices Act laban sa mga respondents dahil sa kakulangan ng ebidensiya.

Ang resolusyon ay nag-ugat sa reklamong isinama ng National Bureau of Investigation (NBI) Environmental Crime Division-Investigative Service.

Kaugnay pa rin ito ng 100 containers na puno ng municipal solid waste at plastic scrap na ipinadala sa Pilipinas mula Canada mula 2013 hanggang 2014 ng Canadian company na Chronic Plastics Inc.

Ang mga shipment ay ipinadala sa ilalim ng panunungkulan noon ni Pangulong Noynoy Aquino at ipinabalik naman ni Pangulong Rodrigo Duterte na ibalik ang tone-toneladang basura sa Canada.

By Bombo Radyo

Kasama rin si Sherwin Herbert Manuel – Intelligence Officer IV. Grave misconduct, “prejudicial to the best interest of the service,” nanguna rin sa pagpapalaya ng isang drug suspect

at hindi rin isinama ang 500 piraso ng ecstasy sa inventory ng ebidensiya.

Talsik din sa posisyon si Reagan Silverio, intelligence officer dahil sa extortion. *Pilipino Star*



Sebang Travel

KC TOURS

since 1983



TICO 2068276R IATA 67-697055

At Sebang Travel

We have the knowledge and experience to handle all your travel needs.

Special Fares

Philippines and Other Asian Countries

Low Fares

U.S.A/ Europe Vacation Package/ Cruise/ Pilgrimage Tours/ Hotels/ Car Rentals/ Travel Insurance

Fares

First Time Immigrants/ Contract Workers and Tourists

Free Enrollment

Most Airline Mileage Program

Call us

TEL: 416.588.3333

TOLL FREE: 1.866.705.4340

travel@sebang.ca facebook.com/sebangtravel

Christie St

Bloor St

Bathurst St



TORONTO HEAD OFFICE

Tel: (416) 588-3333

Email: travel@sebang.ca

721 Bloor St W #102

Toronto ON M6G 1L5

TICO 2068276R

NORTH YORK

Tel 416 250 8990

5418 Yonge St #17 North York ON

TICO 4334777R

MISSISSAUGA

Tel 905 366 0040

333 Dundas St E #208 Mississauga ON

TICO 50017693R

THORNHILL

Tel 905 597 5880

Toll Free 1 844 597 5880

7388 Yonge St #2C Thornhill ON

TICO 50021920

VANCOUVER

Tel 604 420 1996

327C-4501 North Rd Burnaby BC

TICO 58323

KAALAMAN

"I believe a knowledge of the Bible without a college course is more valuable than a college course without a Bible."

- William Lyon Phelps (famous educator in USA)

Tinipong ULat ni RollyCab talibalita@rogers.com

Bakit Nagdusa at Namatay si Jesus?

Noong tagsibol ng 33 C.E., si Jesus na Nazareno ay pinatay. May-kasinungalingan siyang kinasuhan ng sedisyon, binugbog nang husto, at ipinako sa tulos. Dumanas siya ng napakasakit na kamatayan. Pero binuhay siyang muli ng Diyos, at pagkaraan ng 40 araw, umakyat si Jesus sa langit.

Ang pambihirang ulat na ito ay mula sa apat na Ebanghelyo ng Kristiyanong Griegong Kasulatan, na karaniwang tinatawag na Bagong Tipan. Talaga kayang nangyari iyon? Angkop lang na itanong ito, at isa itong seryosong tanong. Kung hindi totoo ang ulat na iyon, walang-saysay ang

pananampalatayang Kristiyano at ang buhay na walang hanggan sa Paraiso ay pangarap lang. (1 Corinto 15:14) Pero kung nangyari talaga ang ulat na iyon, may magandang kinabukasang naghihintay sa sangkatauhan, pati na sa iyo. Kaya totoo ba o kathang-isip lang ang mga ulat ng Ebanghelyo?



KUNG ANO ANG IPINAKI-KITA NG KATIBAYAN

Di-gaya ng mga alamat, **ang ulat ng mga Ebanghelyo ay tumpak hanggang sa kaliit-liitang detalye.** Halimbawa, napakarami nitong binanggit na pangalan ng lugar na karamihan ay mapupuntahan pa ngayon. May mga ulat din tungkol sa mga tao, at pinatunayan ng sekular na mga istoryador na talagang umiral sila.—**Lucas 3:1, 2, 23.**

Si Jesus din mismo ay binanggit ng sekular na mga manunulat noong una at ikalawang siglo. Ang paraan ng pagpatay kay

Jesus na inilalarawan sa mga Ebanghelyo ay kaayon ng paraan ng paglalapat ng kamatayan ng mga Romano noon. Isa pa, inilahad sa tumpak at prangkahang paraan ang mga ulat—kahit ang hindi magagandang ginawa ng mga alagad ni Jesus. (**Mateo 26:56; Lucas 22:24-26; Juan 18:10, 11**) Ipinakikita ng lahat ng ito na ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay tapat at makatotohanan sa kanilang mga isinulat tungkol kay Jesus.

Kumusta Naman Ang Pagkabuhay-Muli Ni Jesus?

Tanggap ng marami na nabuhay at namatay si Jesus, pero may ilan na nag-aalinlangan kung binuhay siyang muli. Kahit ang kaniyang mga apostol ay hindi naniwala noong unang sabihin sa kanila na binuhay-muli si Jesus. (Lucas 24:11) Pero nawala ang kanilang pag-aalinlangan nang makita nila at ng ibang mga alagad ang binuhay-muling si Jesus sa magkakaibang pagkakataon. Minsan, nagpakita pa nga siya sa 500 katao.—1 Corinto 15:6.

Sa kabila ng bantang aarestuhin at papatayin, lakas-loob na ipinahayag

ng mga alagad ang pagkabuhay-muli ni Jesus sa lahat—kahit sa mga mismong pumatay sa kaniya. (Gawa 4:1-3, 10, 19, 20; 5:27-32) Maglalakas-loob ba ang mga alagad kung hindi sila sigurado sa pagkabuhay-muli ni Jesus? Ang totoo, ang pagkabuhay-muli ni Jesus ang dahilan ng impluwensiya ng Kristiyanismo sa daigdig noon at ngayon.

Makikita sa mga ulat ng Ebanghelyo tungkol sa kamatayan at pagkabuhay-muli ni Jesus ang lahat ng pagkakakilanlan ng mapananaligan at makasaysayang ulat. Kapag maingat mo itong binasa, makukumbinsi kang talagang nangyari ang mga ulat na iyon. At lalo ka pang makukumbinsi kapag naunawaan mo kung bakit nangyari ang mga iyon. Ipaliliwanag ito sa susunod na artikulo.

^ par. 7 Isinulat ni Tacitus, na ipinanganak noong mga 55 C.E., na “si Christus, na pinagmulan ng pangalang [Kristiyano], ay dumanas ng pinakamatinding parusa sa panahon ng paghahari ni Tiberio sa mga kamay ng isa sa ating mga prokurador, si Poncio Pilato.” Si Jesus ay binanggit din ni Suetonius (unang siglo); ng Judiong istoryador na si Josephus (unang siglo); at ni Pliny na Nakababata, gobernador ng Bitinia (maagang bahagi ng ikalawang siglo).

Bakit Walang Gaanong Sekular na Patotoo?

Napakalaki ng impluwensiya ni Jesus sa daigdig, kaya dapat ba nating asahan na may mga ulat noong unang siglo, bukod sa Bibliya, na magpapatunay na talagang umiral si Jesus at binuhay-muli? Hindi. Isinulat ang Ebanghelyo halos 2,000 taon na ang nakalilipas. Mula noon, iilang akda lang ang naingat. (1 Pedro 1:24, 25) Isa pa, tiyak na hindi magsusulat ang mga kaaway ni Jesus ng mga akda na tutulong sa mga tao na maniwala at magtiwala sa kaniya.

Tungkol sa pagkabuhay-muli ni Jesus, ipinaliwanag ni Pedro, isa sa mga apostol ni Jesus: “Ibinangon ng Diyos ang Isang ito nang ikatlong araw at ipinagkaloob sa kaniya na maging hayag, hindi sa lahat ng mga tao, kundi sa mga saksi na patinang hinirang ng Diyos, sa amin, na kumain at uminom na kasama niya pagkatapos ng pagbangon niya mula sa mga patay.” (Gawa 10:40, 41) Bakit hindi sa lahat ng tao? Sinasabi ng Ebanghelyo ni Mateo na nang marinig ng mga kaaway ang ulat tungkol sa pagkabuhay-muli ni Jesus, tinangka nilang patigilin ang pagkalat ng balita.—Mateo 28:11-15.

Nangangahulugan ba ito na gusto ni Jesus na ilihim ang kaniyang pagkabuhay-muli? Hindi, dahil sinabi pa ni Pedro: “Inutusan niya kaming mangaral sa mga tao at lubusang magpatotoo na ito ang Isa na itinalaga ng Diyos na maging hukom ng mga buhay at ng mga patay.” Ganiyan ang ginawa at ginagawa ng mga tunay na Kristiyano.—Gawa 10:42.



Bakit Naiiba sa Ibang Relihiyon ang Pagdiriwang ng mga Saksi ni Jehova sa Hapunan ng Panginoon?

Sinusunod naming mabuti ang Bibliya kung paano dapat ipagdiwang ang Hapunan ng Panginoon, na tinatawag ding **“Huling Hapunan”** at **Memoryal ng kamatayan ni Jesus**. (1 Corinto 11:20) Sa kabaligtaran, marami sa mga paniniwala at kaugalian ng ibang relihiyon may kaugnayan sa pagdiriwang nito ay hindi nakabatay sa Bibliya.

Layunin

Ipinagdiriwang ang Hapunan ng Panginoon para alalahanin si Jesus at ipakita ang pagpapahalaga natin sa inihandog niya alang-alang sa atin. (Mateo 20:28; 1 Corinto 11:24) Ito ay hindi isang sakramento, o relihiyosong seremonya na nagbibigay ng isang bagay na mabuti gaya ng biyaya o ng kapatawaran ng mga kasalanan. * Itinuturo ng Bibliya na mapapatawad ang mga kasalanan natin, hindi dahil sa isang relihiyosong ritwal, kundi sa pamamagitan lang ng pananampalataya kay Jesus.—Roma 3:25; 1 Juan 2:1, 2.

Gaano kadalas?

Inutusan ni Jesus ang kaniyang mga alagad na gunitain ang Hapunan ng Panginoon, pero hindi niya sinabi kung gaano kadalas. (Lucas 22:19) May nagsasabing dapat itong ipagdiwang buwan-buwan, samantalang ang iba naman ay nagdiriwang nito linggo-linggo, araw-araw, maraming beses sa isang araw, o sa tuwing naiisip ng isa na dapat niya itong gawin. * Pero ito ang ilang bagay na dapat pag-isipan.

Pinasimulan ni Jesus ang Hapunan ng Panginoon noong petsa ng Paskuwa ng mga Judio, at namatay siya nang araw ding iyon. (Mateo 26:1, 2) Hindi ito nagkataon lang. Ikinumpara ng Kasulatan ang handog ni Jesus sa kordero para sa Paskuwa. (1 Corinto 5:7, 8) Ang Paskuwa ay ipinagdiriwang nang isang beses sa isang taon. (Exodo 12:1-6; Levitico 23:5) Sa katulad na paraan, ang Memoryal ng kamatayan ni Jesus ay ipinagdiwang ng unang mga Kristiyano taon-taon, * at sinusunod ng mga Saksi ni Jehova ang parisang iyan na salig sa Bibliya.

Petsa at oras

Ipinapakita rin ng parisang itinakda ni Jesus hindi lang kung gaano kadalas

idaraos ang Memoryal kundi pati ang petsa at oras nito. Pinasimulan niya ang pagdiriwang sa pagkalubog ng araw noong Nisan 14, 33 C.E., ayon sa kalendaryong lunar ng Bibliya. (Mateo 26:18-20, 26) Patuloy naming ipinagdiriwangang Memoryal sa petsang iyan taon-taon bilang pagsunod sa kaugalian ng unang mga Kristiyano. *

Bagaman araw ng Biyernes noon ang Nisan 14, 33 C.E., ang anibersaryo ng petsang iyan ay posibleng pumatak ng ibang araw taon-taon. Natutukoy namin ang petsa ng Nisan 14 taon-taon gamit ang pamamaraan noong panahon ni Jesus, sa halip na sundin ang modernong kalendaryo ng mga Judio. *

Tinapay at Alak

Tinapay na walang pampaalsa at pulang alak

Sa bagong pagdiriwang na ito, gumamit si Jesus ng tinapay na walang lebadura at pulang alak na natira sa hapunan ng Paskuwa. (Mateo 26:26-28) Bilang pagsunod sa kaniyang halimbawa, gumagamit kami ng tinapay na walang lebadura o dagdag na mga sangkap at ng purong pulang alak, hindi katas ng ubas o alak na pinatamis o hinaluan ng ibang sangkap.

Ang ilang relihiyon ay gumagamit ng tinapay na may lebadura o pampaalsa, pero ang lebadura ay karaniwan nang ginagamit sa Bibliya bilang simbolo ng kasalanan at kasamaan. (Lucas 12:1; 1 Corinto 5:6-8; Galacia 5:7-9) Kaya ang puwede lang sumagisag sa walang-kasalanang katawan ni Kristo ay ang tinapay na walang lebadura at walang ibang sangkap. (1 Pedro 2:22) Ang isa pang kaugaliang hindi nakabatay sa Bibliya ay ang paggamit ng di-pinakasim na katas ng ubas sa halip na alak. Ginagawa iyan ng ilang relihiyon dahil sa kanilang di-makakasulatang pagbabawal sa pag-inom ng alak.—1 Timoteo 5:23.

Mga emblema, hindi literal na laman at dugo

Ang tinapay na walang lebadura at ang pulang alak na iniaalok sa Memoryal ay mga emblema, o sagisag, ng laman at dugo ni Kristo. Hindi ito makahimalang nagiging literal na laman at dugo o humahalo sa kaniyang laman at dugo, gaya ng iniisip ng ilan. Tingnan natin ang mga tekstong pinagbasehan ng

pagkaunawang ito.

- Kung inutusan ni Jesus ang mga alagad niya na inumin ang kaniyang dugo, para na rin niyang sinasabing labagin nila ang kautusan ng Diyos laban sa pagkain ng dugo. (Genesis 9:4; Gawa 15:28, 29) Imposibleng gawin iyon ni Jesus, dahil hindig-hindi niya tuturuan ang iba na labagin ang kautusan ng Diyos may kinalaman sa kabanalan ng dugo.—Juan 8:28, 29.
- Kung literal na iniinom ng mga apostol ang dugo ni Jesus, hindi niya dapat sinabing ang kaniyang dugo “ay ibubuhos,” na nagpapahiwatig na hindi pa nagaganap ang kaniyang paghahandog.—Mateo 26:28.
- Ang paghahandog ni Jesus ay naganap “nang minsanan.” (Hebreo 9:25, 26) Pero kung ang tinapay at alak ay naging literal na laman at dugo niya noong Hapunan ng Panginoon, inuulit na naman ng mga nakikibahagi ang paghahandog na iyon.
- Sinabi ni Jesus: **“Patuloy ninyong gawin ito bilang pag-alaala sa akin,”** hindi “bilang paghahandog sa akin.”—1 Corinto 11:24.

May mga naniniwala sa transubstansiyasyon, na ang tinapay at alak ay naging literal na katawan at dugo ni Jesus. Ibinatay nila ang doktrinang ito sa mga pananalita ng ilang talata sa Bibliya. Halimbawa, sa maraming salin ng Bibliya, iniulat na sinabi ni Jesus tungkol sa alak: “Ito ay aking dugo.” (Mateo 26:28) Pero ang mga salita ni

Jesus ay puwede ring isaling **“Ito ay nangangahulugan ng aking dugo,”** “Ito ay kumakatawan sa aking dugo,” o “Ito ay sagisag ng aking dugo.”* Gaya ng lagi niyang ginagawa, si Jesus ay nagtuturo sa pamamagitan ng paghahambing.—Mateo 13:34, 35.

Sino ang nakikibahagi?

Kapag ipinagdiriwang ng mga Saksi ni Jehova ang Hapunan ng Panginoon, iilan lang sa amin ang kumakain ng tinapay at umiinom ng alak. Bakit?

Ang itinigis na dugo ni Jesus ay nagtatag ng “isang bagong tipan” na kapalit ng tipan sa pagitan ng Diyos na Jehova at ng sinaunang bansang Israel. (Hebreo 8:10-13) Ang mga kabilang sa bagong tipang iyan ang nakikibahagi sa mga emblema ng Memoryal. Hindi kabilang dito ang lahat ng Kristiyano, kundi ang **“mga tinawag”** lang ng Diyos sa isang natatanging paraan. (Hebreo 9:15; Lucas 22:20) Ang mga ito ay mamamahala sa langit kasama ni Kristo, at ayon sa Bibliya, 144,000 lang ang may ganiyang pribilehiyo.—Lucas 22:28-30; Apocalipsis 5:9, 10; 14:1, 3.

Kabaligtaran ng **“munting kawan”** na tinawag para mamahalang kasama ni Kristo, ang karamihan sa amin ay may pag-asang maging bahagi ng **“malaking pulutong”** na mabubuhay magpakailanman sa lupa. (Lucas 12:32; Apocalipsis 7:9, 10) Kami na may makalupang pag-asa ay hindi nakikibahagi sa mga emblema ng Memoryal, pero nakikiisa kami sa pagpapasalamat sa inihandog ni Jesus alang-alang sa amin.—1 Juan 2:2.

Pag-aalaala ng Kamatayan ni Jesus Christ

Isang beses taon-taon, inaalaala namin ang kamatayan ni Jesus sa libo-libong lugar sa buong daigdig. Ginagawa namin ito dahil sa utos niya sa kaniyang mga tagasunod: **“Patuloy ninyong gawin ito bilang pag-alaala sa akin.”** (Lucas 22:19)

Ang susunod na Memoryal ay gaganapin sa araw ng **Sabado, Marso 27, 2021**.

Inaanyayahan ka namin sa espesyal na okasyong ito. Dahil sa pandemic, gagawin ang okasyong ito online. Mag Email lang po sa **bendale.meeting@gmail.com** kung paano ka makaka-connect at karagdagang kaalaman sa iyo.





Kaharian ng Diyos—Bakit Ito Mahalaga kay Jesus?

Noong nangangaral si Jesus sa lupa, marami siyang itinuro. Halimbawa, tinuruan niya ang mga tagasunod niya kung paano mananalangin, mapasasaya ang Diyos, at magiging tunay na maligaya. (Mateo 6:5-13; Marcos 12:17; Lucas 11:28) Pero ang pinakagusto niyang ipakipag-usap ay ang tungkol sa Kaharian ng Diyos.—Lucas 6:45.

Gaya ng binanggit sa naunang artikulo, pangunahin kay Jesus ang 'pangangaral at paghahayag ng mabuting balita ng kaharian.' (Lucas 8:1) Naglakbay siya nang daan-daang kilometro sa Israel para ituro sa mga tao ang tungkol sa Kaharian ng Diyos. Ang ministryo ni Jesus ay iniulat sa apat na Ebanghelyo, kung saan mahigit 100 beses na binanggit ang Kaharian. Karamihan sa mga pagbanggit na iyon ay galing mismo kay Jesus. Pero kaunti lang iyon kumpara sa lahat ng itinuro niya tungkol sa Kaharian ng Diyos!—Juan 21:25.

Bakit gayon na lang kahalaga kay Jesus ang Kaharian? Dahil alam ni Jesus na siya ang pinili ng Diyos para maging Tagapamahala nito. (Isaias 9:6; Lucas 22:28-30) Pero hindi posisyon o katanyagan ang habol ni

Jesus. (Mateo 11:29; Marcos 10:17, 18) Itinataguyod niya ang Kaharian ng Diyos * hindi dahil sa sariling kapakanan, kundi sa kung ano ang magagawa nito para sa mga mahal niya—sa kaniyang Ama sa langit at sa tapat na mga tagasunod niya.

ANG GAGAWIN NG KAHARIAN PARA SA AMA NI JESUS

Mahal na mahal ni Jesus ang kaniyang makalangit na Ama. (Kawikaan 8:30; Juan 14:31) Hinahangaan niya ang pagiging maibigin, mahabagin, at makatarungan ng kaniyang Ama. (Deuteronomio 32:4; Isaias 49:15; 1 Juan 4:8) Kaya siguradong hindi maatim ni Jesus ang mga ikinakalat na kasinungalingan tungkol sa kaniyang Ama—na walang pakialam ang Diyos sa paghihirap ng tao at na gusto Niyang magdusa tayo. Isa itong dahilan kung bakit buong-sigasig niyang inihayag ang “mabuting balita ng kaharian”—dahil alam niyang balang-araw, malilinis ng Kaharian ang pangalan ng kaniyang Ama. (Mateo 4:23; 6:9, 10) Paano ito mangyayari?

Sa pamamagitan ng Kaharian, gagawa si Jehova ng

malalaking pagbabago para sa mga tao. “Papahirin niya ang bawat luha” sa mata ng mga tapat. Aalisin ni Jehova ang mga sanhi ng gayong pagluha, kasi titiyakin niyang “hindi na magkakaroon ng kamatayan, ni ng pagdadalamhati o ng paghiyaw o ng kirot pa man.” (Apocalipsis 21:3, 4) Sa pamamagitan ng Kaharian, aalisin ng Diyos ang lahat ng pagdurusa ng tao. *

Hindi nakapagtataka kung bakit ganoon na lang kagusto ni Jesus na sabihin sa mga tao ang tungkol sa Kaharian! Alam niya na ipakikita nito na talagang makapangyarihan at mahabagin ang kaniyang Ama. (Santiago 5:11) Alam din niya na matutulungan ng Kaharian ang iba pa niyang minamahal—ang tapat na mga tao.

ANG GAGAWIN NG KAHARIAN PARA SA TAPAT NA MGA TAO

Bago nabuhay si Jesus sa lupa, matagal na niyang kasma sa langit ang Ama niya. Ginamit ng Ama ang kaniyang Anak sa paglalang—mula sa nakalululang kalangitan pati na ang di-mabilang na mga bituin at galaksi hanggang sa ating magandang planeta at mga nabubuhay rito. (Corosas 1:15, 16) Pero ang lalo nang “kinagigiliwan” ni Jesus

ay ang mga tao.—Kawikaan 8:31.

Kitang-kita sa ministryo ni Jesus na mahal niya ang mga tao. Sa umpisa pa lang, sinabi niya na bumaba siya sa lupa para “magpahayag ng mabuting balita” sa mga nangangailangan. (Lucas 4:18) Pero hindi lang puro salita si Jesus. Paulit-ulit niyang ipinakitang ang kaniyang pag-ibig sa sangkatauhan. Halimbawa, nang lumapit kay Jesus ang isang malaking grupo para makinig, “nahabag siya sa kanila, at pinagaling niya ang kanilang mga maysakit.” (Mateo 14:14) Nang isang lalaking may napakakirot na sakit ang manampalatayang mapagagaling siya ni Jesus, naantig ang puso ni Jesus at pinagaling ito. Mahabagin niyang sinabi: “Ibig ko. Luminis ka.” (Lucas 5:12, 13) Nang makita ni Jesus na nagdadalamhati ang kaibigan niyang si Maria sa pagkamatay ng kapatid nitong si Lazaro, si Jesus ay “dumaing,” “nabagabag,” at “lumuha.” (Juan 11:32-36) Ginawa niya ang hindi nila sukat-akalain—binuhay niyang muli si Lazaro kahit apat na araw na itong patay!—Juan 11:38-44.

Siyempre, alam ni Jesus na pansamantala lang ang ginhawa na maibibigay niya. Batid niya na lahat ng pinagaling niya ay

magkakasakit pa rin at lahat ng binuhay niya ay mamamatay uli. Pero alam din ni Jesus na permanenteng wawakasan ng Kaharian ng Diyos ang gayong mga problema. Kaya naman bukod sa paggawa ng mga himala, masigasig na inihayag ni Jesus ang “mabuting balita ng kaharian.” (Mateo 9:35) Ang mga himala niya ay patikim lang ng malapit nang gawin ng Kaharian ng Diyos. Pansinin kung ano ang ipinangako ng Bibliya na mangyayari sa lupa sa panahong iyon.

Nakalalakad na muli ang isang naka-wheel-chair Wala nang sakit.

“Sa panahong iyon ay madidilat ang mga mata ng mga bulag, at ang mga tainga ng mga bingi ay mabubuksan. Sa panahong iyon ay aakyat ang pilay na gaya ng lalaking usa, at ang dila ng pipi ay hihiyaw sa katuwaan.” Bukod diyan, “walang sinumang tumatahan ang magsasabi: ‘Ako ay may sakit.’” —Isaias 33:24; 35:5, 6.

Binuhay-muli ang isang batang babae Wala nang kamatayan.

“Ang mga matuwid ang magma-may-ari ng lupa, at tatahan sila roon magpakailanman.”—Awit 37:29.

“Lalamunin niya ang kamatayan magpakailanman, at tiyak na papahirin ng Soberanong Panginoong Jehova ang mga luha mula sa lahat ng mukha.”—Isaias 25:8.

Bubuhaying muli ang mga namatay.

“Ang lahat ng nasa mga alaalang libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig at lalabas.”—Juan 5:28, 29.

“Magkakaroon ng pagkabuhay-muli.”—Gawa 24:15.

Mga taong nagtatayo ng bahay

Magkakaroon ng pabahay at trabaho.

“Tiyak na magtatayo sila ng mga bahay at maninirahan sa mga iyon; at tiyak na magtatanim sila ng mga ubasan at kakainin ang bunga ng mga iyon. Hindi sila magtatayo at iba ang maninirahan; hindi sila magtatanim at iba ang kakain. . . . Ang gawa ng kanilang sariling mga kamay ay lubusang tatamasahin ng aking mga pinili.”—Isaias 65:21, 22.

Mga taong magkaiba ng lahi na nagtatamasa ng tunay na kapayapaan

Wala nang digmaan.

“Pinatitigil niya ang mga digmaan hanggang sa dulo ng lupa.”—Awit 46:9.

“Ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, ni mag-aaral pa man sila ng pakikipagdigma.”—Isaias 2:4.

Mga taong nasisiyahan sa saganang pagkain

Wala nang magugutom.

“Ang lupa ay tiyak na magbibigay ng bunga nito; ang Diyos, ang ating Diyos,

Paanong ang Hain ni Jesus ay Naging “Pantubos Para sa Marami”?

Ang sagot ng Bibliya

Ang hain ni Jesus ang paraan ng Diyos para sagipin, o iligtas, ang sangkatauhan mula sa kasalanan at kamatayan. Tinutukoy ng Bibliya ang itinigis na dugo ni Jesus bilang isang pantubos na halaga. (Efeso 1:7; 1 Pedro 1:18, 19) Kaya naman sinabi ni Jesus na pumarito siya para “ibigay ang kaniyang buhay bilang pantubos para sa marami.”—Mateo 20:28, King James Version.

Bakit kailangan ng isang “pantubos para sa marami”?

Ang unang taong si Adan ay nilalang na perpekto, o walang kasalanan. Puwede sana siyang mabuhay nang walang hanggan, pero naiwala niya ito nang piliin niyang sumuway sa Diyos. (Genesis 3:17-19) Nang magkaanak siya, naipasa niya sa kanila ang depekto ng kasalanan. (Roma 5:12) Dahil diyan, sinasabi ng Bibliya na “ipinagbili” ni Adan ang kaniyang sarili at mga anak sa pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan. (Roma 7:14) Dahil di-sakdal, walang sinuman sa kanila ang makatutubos sa naiwala ni Adan.—Awit 49:7, 8.

Naawa ang Diyos sa mga inapo ni Adan dahil sa kanilang kawalan ng pag-asa. (Juan 3:16) Pero dahil sa pamantayan ng Diyos sa katarungan, hindi niya puwedeng basta palampasin o pagpaumanhinan na lang

ay magpapala sa atin.”—Awit 67:6.

“Magkakaroon ng saganang butil sa lupa; sa taluktok ng mga bundok ay mag-uu-mapaw.”—Awit 72:16.

Wala nang mahirap.
“Hindi laging malilimutan ang dukha.”—Awit 9:18.

“Ililigtas niya ang dukha na humihingi ng tulong, gayundin ang napipighati at ang sinumang walang katulong.



ang kanilang mga kasalanan nang walang makatuwirang saligan. (Awit 89:14; Roma 3:23-26) Iniibig ng Diyos ang sangkatauhan, kaya inilaan niya ang kinakailangang legal na paraan para lubusang maalis ang kanilang mga kasalanan at hindi lang basta mapatawad. (Roma 5:6-8) Ang legal na saligang iyon ay ang pantubos.

Paano ba gumagana ang pantubos?

Sa Bibliya, sangkotsa terminong “pantubos” ang sumusunod na tatlong elemento:

1. Ito ay isang **kabayaran**.—Bilang 3:46, 47.
2. Ito ay nagdudulot ng **paglaya**, o katubusan.—Exodo 21:30.
3. Ito ay **katumbas ng halaga** ng binabayaran, o pantakip sa halaga ng binabayaran. *

Pansinin kung paano kumakapit ang mga elementong ito sa haing pantubos ni Jesu-Kristo.

1. **Kabayaran.** Sinasabi ng Bibliya na ang mga Kristiyano ay “binili ... sa isang halaga.” (1 Corinto 6:20; 7:23) Ang halagang

Maaawa siya sa maralita at sa dukha, at ang mga kaluluwa ng mga dukha ay ililigtas niya.”—Awit 72:12, 13.

Kung iisipin mo ang mga gagawing iyon ng Kaharian ng Diyos, makikita mo kung bakit ganoon na lang ito kahalaga kay Jesus. Noong nasa lupa siya, lagi niyang ipinakikipag-usap ang Kaharian ng Diyos sa mga gustong makinig, dahil alam niyang kayang lutasin ng Kaharian ang lahat ng problema ng tao.

iyon ay ang dugo ni Jesus, na ipinambili niya ng “mga tao para sa Diyos mula sa bawat tribo at wika at bayan at bansa.”—Apocalipsis 5:8, 9.

2. **Paglaya.** Ang hain ni Jesus ay naglaan ng “pagpapalaya [mula sa kasalanan] sa pamamagitan ng pantubos.”—1 Corinto 1:30; Colosas 1:14; Hebreo 9:15.

3. **Katumbas.** Ang hain ni Jesus ay eksaktong katumbas ng naiwala ni Adan—isang perpektong buhay ng tao. (1 Corinto 15:21, 22, 45, 46) Sinasabi ng Bibliya: “Kung paanong sa pamamagitan ng pagsuway ng isang tao [si Adan] ay marami ang ibinilang na makasalanan, sa gayunding paraan sa pamamagitan ng pagkamasunurin ng isang tao [si Jesu-Kristo] ay marami ang ibibilang na matuwid.” (Roma 5:19) Ipinakikita nito kung paano mababayaran ng kamatayan ng isang tao ang pantubos para sa kasalanan ng marami. Sa katunayan, ang hain ni Jesus ay “katumbas na pantubos para sa lahat” ng gumagawa ng kinakailangang hakbang para makinabang dito.—1 Timoteo 2:5, 6.

Mom power! 23-anyos na babae, nag-aalaga ng 11 anak nang sabay-sabay

Inamin ng isang mag-asawa mula sa Russia na nais nilang magkaroon ng 105 biological na anak. Sa kasalukuyan ay mayroon na silang 10 anak na ipinanganak sa loob lamang ng 10 buwan. Ang una nilang anak ay ipinanganak noong March 10, 2020 at ang kanilang bunsong anak naman ay ipinanganak noon lamang January 16, 2021 batay sa report ng MSN.

Ayon sa kanila, ang mga bata ay mula sa kanila genetically at ipinagbuntis ng mga surrogate mothers. "The clinic in Batumi chooses surrogate mothers for us and takes full responsibility for the process. "We are not personally acquainted with surrogate mothers and do not have direct contacts with them in order to avoid problems after pregnancy," sabi ni Christina.

"I don't know how many their will eventually be, but we certainly don't plan to stop at 10," ayon kay Christina sa isang panayam dito. Pag-amin ni Christina, ang orihinal nilang plano ay magbubuntis siya taon-taon ngunit hindi ito kakayanin ng kanyang reproductive ability. Bukod sa 10 anak sa mister ay mayroon pang isang anak si Christina. Single mom ito nang makilala si Met sa isang bakasyon. Love at first sight daw ang nangyari sa dalawa ayon sa mga ito, ayon sa isang article ng Daily Mail.


"She is so easy to be with, she always has a smile on her lips and yet at the same time is shy and mysterious," ayon kay Met, isang property and transport magnate. Aminado si Christina na hindi madali ang pagkakaroon ng maraming anak ngunit sinisiguro raw nito na nakatutok siya sa mga anak.

Hands-on din daw ito sa mga anak at kahit pa may mga yaya ang anak ay siya pa rin daw ang nasusunod sa lahat ng bagay. Mula sa dapat kainin ng mga ito hanggang sa librong dapat basahin para sa mga ito, batay sa isang article ng Straight News Online.



Photo: SuNoticiero (@sunoticiroweb)
Source: Instagram

Nais daw magkaroon ng mahigit 100 anak ang isang mag-asawa sa Russia na sina Christina Ozturk, 23, at Met Galip, 56. Sa kasalukuyan ay mayroon na silang 10 anak na ipinanganak sa loob lamang ng 10 buwan at hands-on si Christina sa pag-aalaga sa mga ito. Ayon sa kanila, ang mga bata ay mula sa kanila at ipinagbuntis ng mga surrogate mothers. Si Christina ay single mom noong magkakilala sila ng mister sa isang bakasyon



Christina Ozturk, 23, at ang asawang si Met Galip, 56



ads@

TALIBA

it works!

www.talibaNews.com

647-287-1870

Email: talibalita@rogers.com

Isinaayos Na Pagbakuna Ng Awtoridad Sa Ontario



Ontario reveals who will be prioritized next for the COVID-19 vaccine

As it stands, here is the current target set of time-lines for vaccine bookings:

- Over 75 -> April 15
- Over 70 -> May 1
- Over 65 -> June 1
- Over 60 -> July 1

CTV News

Tatlong mahalagang gawin - ligtas buhay vs pandemic

- 1). PAHALAGAHIN ANG BUHAY
- 2). SUMUNOD SA AWTORIDAD
- 3). HUWAG MAGPA-KAMPANTE

NAKIKINIG BA ANG DIYOS SA MGA PANALANGIN?

Naisip mo na ba kung pinapakinggan ng Diyos ang panalangin mo? Kung oo, hindi ka nag-iisa. Ipinapanalangin ng marami ang kanilang problema sa Diyos, pero hindi pa rin ito nawawala. Ibig bang sabihin, hindi pinapansin ng Diyos ang mga panalangin natin? Hindi! Tinitiyak ng Bibliya na nakikinig ang Diyos kapag nananalangin tayo sa tamang paraan. Tingnan natin ang sinasabi ng Bibliya.

NAKIKINIG ANG DIYOS.

“O Dumirinig ng panalangin, lalapit sa iyo ang lahat ng uri ng tao.”—Awit 65:2.

Nananalangin ang iba kasi gumagaan ang pakiramdam nila, kahit hindi sila naniniwalang may nakikinig sa kanila. Pero ang panalangin ay hindi lang isang therapy na nagpapagaan ng pakiramdam kapag may problema tayo. Sinasabi ng Bibliya: “Si Jehova * ay malapit sa lahat ng tumatawag sa kaniya, sa lahat ng tumatawag sa kaniya nang may katapatan. . . . Dinirinig niya ang paghingi nila ng tulong.”—Awit 145:18, 19.

Kaya makakatiyak tayo na pinapakinggan ng Diyos na Jehova ang mga panalangin ng mga lingkod niya. Tinitiyak niya: “Tatawag kayo at lalapit at mananalangin sa akin, at pakikinggan ko kayo.”—Jeremias 29:12.

GUSTO NG DIYOS NA MANALANGIN KA SA KANIYA.

“Magmatiyaga kayo sa panalangin.”—Roma 12:12.

Pinapayuhan tayo ng Bibliya na ‘patuloy na manalangin’ at na “manalangin sa bawat pagkakataon.” Malinaw, gusto ng Diyos na Jehova na manalangin tayo sa kaniya.—Mateo 26:41; Efeso 6:18.

Bakit gusto ng Diyos na manalangin



tayo sa kaniya? Pag-isipan ito: Gustong-gusto ng mga magulang kapag sinasabi ng mga anak nila, “Pa, puwede pong magpatulong?” Siyempre, alam naman ng tatay ang kailangan at nararamdaman ng anak niya, pero kapag narinig niya na humihingi ito ng tulong, nakikita niya na nagtitiwala sa kaniya ang anak niya at na malapit ito sa kaniya. Ganiyan din kapag nananalangin tayo sa Diyos na Jehova. Ipinapakita nating nagtitiwala tayo sa kaniya at gusto nating mapalapit sa kaniya.—Kawikaan 15:8; Santiago 4:8.

TALAGANG NAG-MAMALASAKIT SA IYO ANG DIYOS.

“[Ihagis] ninyo sa kaniya ang lahat ng inyong álalahanin, dahil nagmamalasakit siya sa inyo.”—1 Pedro 5:7.

Gusto ng Diyos na manalangin tayo sa kaniya kasi mahal niya tayo at nagmamalasakit siya sa atin. Alam na alam niya ang mga problema at álalahanin natin, at gusto niya tayong tulongan.

Laging nananalangin si Haring David sa Diyos na Jehova para humingi ng tulong, at sinasabi niya sa kaniya ang naisip niya at nararamdaman. (Awit 23:1-6) Ano naman ang nararamdaman ng Diyos para kay David? Mahal ng Diyos si David at nakinig siya

sa maraming panalangin nito. (Gawa 13:22) Nakikinig din ang Diyos sa mga panalangin natin kasi mahal niya tayo.

“MAHAL KO SI JEHOVA DAHIL DINIRINIG NIYA ANG TINIG KO”

Iyan ang sinabi ng isa sa mga sumulat ng awit na mababasa sa Bibliya. Sigurado siyang pinakinggan ng Diyos ang mga panalangin niya, at may malaking epekto iyon sa kaniya. Naramdaman niya na mas naging malapit siya sa Diyos at nagkaroon siya ng lakas para harapin ang mga kabalisan at problema sa buhay.—Awit 116:1-9.

Kapag sigurado tayong pinapakinggan ng Diyos ang mga panalangin natin, mas gugustuhin nating laging makipag-usap sa kaniya. Ganito ang nangyari kay Pedro na nakatira sa hilagang bahagi ng Spain. Namatay ang 19-anyos na anak niya sa isang aksidente sa daan. Sa sobrang lungkot niya, ibinuhos niya sa Diyos ang nararamdaman niya at paulit-ulit siyang nanalangin para tulongan at patibayin siya ng Diyos. Ano ang nangyari? Sinabi ni Pedro: *“Sinagot ni Jehova ang mga panalangin ko. Naramdaman naming mag-asawa ang alalay at tulong ng mga kapatid.”*

Minsan, ang sagot sa mga panalangin natin ay pampatibay at suporta mula sa nagmamalasakit na mga kaibigan

Hindi naman nabuhay ang anak ni Pedro nang manalangin siya. Pero natulungan silang mag-asawa ng panalanginsaiba’tibang paraan. Sinabi ng asawa niyang si María Carmen: *“Nakayanan ko ang pagdadalamhati dahil sa panalangin. Alam kong naiintindihan ako ng Diyos na Jehova kasi kapag nananalangin ako sa kaniya, napapanatag ako at gumagaan ang loob ko.”*

Pinapatunayan ng Bibliya at ng personal na mga karanasan na talagang nakikinig ang Diyos sa mga panalangin. *Pero malinaw na hindi sinasagot ng Diyos ang ilang panalangin.* Bakit?

(search it in: www.jw.org)

Very Clean COIN LAUNDRY &....DRY CLEAN DEPOT

(Near Bellamy Rd & Lawrence Ave E....find us in Google!)



Dry Clean – Low Prices, Fresh & Clean
- Skirts, Pants, Blouses from 4.40*
- Men Shirts from 2.20*
- Suits 2 pcs from 9.99*
COIN LAUNDRY
• Large Laundry Folding Tables on premises
• Free WiFi & Change Machines on premises

OPEN DAILY TILL 11.00 pm
Avoid the Rush...come during weekdays!

Site: **416-289-7514**

SAM: 647-922-5704

Cedargreen Coin Laundry

3340 Lawrence Ave East, Unit 5, Scarborough, ON M1H 1A7



NIKO'S MOVING

LIPAT BAHAY-24 Hours 7 Days a Week

Going or Coming
Anytime-Anywhere
APARTMENTS
HOME / OFFICE



INSURED - EXPERIENCED

24 ft

The Minimum Charge Is For 3 Hours

18 ft

More than 3 Hours...there will be ONE HOUR TRAVEL TIME CHARGE.

We Do Big and Small Jobs with Care!

CALL:

416.722.6684

Pagbakuna nagtagumpay!

MANILA—Ipinagmalaki ng Malacañang na matagumpay ang panimula ng pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ayon kay Presidential Spokesperson Harry Roque, matagumpay ang programa ng bakuna kung pagbabasehan ang nangyari sa Philippine General Hospital.

Lumampas pa aniya sa inaasahang 70 ang bilang ng nabakunahan na humigit sa 120.

Tuluy-tuloy ang pagbabakuna sa PGH at posibleng magkulang pa ang inisyal na alokasyon na mahigit sa 1,000.

Samantala, pinuri ni Senator Christopher “Bong” Go ang pamahalaan at ang “Team Philippines” sa matagumpay na simula ng rollout ng vaccination program.

Sinabi ni Go na dahil sa simula ng pagbabakuna ay lumakas ang pag-asa ng bansa para makabangon tungo sa “new normal” at makabalik na sa normal ang kabuhayan ng bansa

“Maliban sa ating mga magigiting na mga medical frontliners, naging matagumpay din ang pagbakuna sa ilang mga opisyal ng gobyerno hindi dahil sila po ay prayoridad kundi ginawa po nila ito upang maipakita sa publiko na magtiwala po tayo sa bakuna, na tanging bakuna lamang po ang solusyon, tanging bakuna lamang po ang susi upang unti-unti na tayong makabalik sa ating normal na pamumuhay,” paliwanag ni Go.

Pilipino Star Ngayon

Lumalala ang hate crimes vs Asian sa US - DFA

MANILA – Pinakikilos ng isang party- list lawmaker ang Department of Foreign Affairs, sa lumalalang hate crimes sa Amerika laban sa mga Asyano.

Nagpahayag ng pagkabahala si Ako Bicol Rep. Alfredo Garbin Jr. sa **“rising hate attacks”** laban sa Asian-Americans sa gitna ng pandemya.

“I request the Department of Foreign Affairs to express to the United States authorities, through our embassy and consulates, the necessity of protecting our citizens and fellow Filipinos,” ayon sa mambabatas.

“US authorities should undertake effective responses to the racially-motivated hate crimes, including their root causes,” giit pa ni Garbin.

Nag-ugat ang komento matapos na malaslas ang mukha ng isang 61-anyos na Pinoy sa New York nang atekihin ito sa New York subway, at ang pag-atake rin sa isang matandang Pinay sa San Diego, California.

Ayon sa datos mula sa rights group Stop AAPI Hate na mula Marso hanggang Disyembre 2020, nasa 2,800 firsthand reports ng hate crime laban sa Asians sa 47 states ay Washington, DC ang naiulat.

71% sa nasabing mga kaso ay verbal harassment; ang pag-iwas sa 21%; nasa 9% naman ang kinabibilangan ng physical assaults; 6% ang pagdudura sa mga ito.

Ayon naman sa ulat ng Asian American Bar Association of New York, nakapagtala ang New York Police Department ng walong beses na pagtaas sa anti-Asian hate crimes sa unang siyam na buwan ng 2020. **RNT**

Foreigner na nagpanggap na pulubi, humanga sa kabutihan ng 1 buko vendor

Napabilib ng husto ang isang dayuhan mula sa Syria, na si Sam Ousta sa isang buko vendor na kanyang nakilala nang magsagawa siya ng isang social experiment. Sa nasabing social experiment na mapapanood sa YouTube, siguradong maiiyak ka sa ipinakitang kabutihan ng vendor na si Brother Bebot.

Sinubukang humingi ni Sam ng buko rito at sinabing ilang araw na siyang hindi kumakain ngunit wala siyang pambayad dito

Walang pag-aalinlangan naman itong binigyan ni Brother Bebot ng isang buong buko na binalatan pa nga nito.

Pero bukod sa libreng buko, binigyan din ni Brother Bebot ng face mask si Sam upang makaiwas sa COVID-19.

“His kindness is overwhelming. He’s been working for that job for 18 years. To give me food, hindi ko na-expect,” ani Sam.

Ang hindi naman daw makalimutan ni Sam na ginawa ni Brother Bebot ay nang hawakan siya nito sa noo na tila ba bini-bless siya.

“I remember a gesture he did. He touched me on the forehead. It was like he was belssing me. I was like, ‘Grabe ang bait’”, sabi ni Sam.

Nang lumipat na ng pwesto si Brother Bebot para magtinda ay sinundan ito ni Sam at dito na ibinunyag ang kanyang pakay.

Nagpasalamat si Sam sa kabutihan ng vendor at inabutan ng tulong si Brother Bebot na ayaw pa nga

Indonesian fisherman naka - huli ng pating mukhang tao



ISANG baby shark na may mukha ng isang tao ang kasalukuyang pinag-uusapan ng Indonesian netizens matapos ipost ang litrato nito sa Facebook ng isang mangingisda mula Rote Ndao East Nusa Tenggara, Indonesia.

Natuklasan ito ng 48-anyos na mangingisda na si Abdullah Fero matapos niyang iuwi sa kanilang tahanan ang nahuli niyang inahing pating.

Nang binuksan ni Fero ang tiyan ng inahing pating, nakita niya na may tatlong baby shark sa sinapupunan nito ngunit patay na ang mga ito. Habang ang dalawang baby shark ay may normal na hitsura, ang huli ay may malaki at isang bilog na mata at may malaking bunganga kaya nagmukha tao.

Ayon kay Fero, sa tagal na niyang nanghuhuli ng pating, ngayon lamang siya nakakita ng pating na kawangis ng tao.

Dahil sa one of a kind ang kanyang nahuling pating, nagdesisyon siyang i-preserve ang ikatlong baby shark na naging dahilan kaya marami ngayon ang nagdadagsaan sa kanyang bahay para usyusohin ang pating na mukhang tao. *Pilipino Star*



Sa isang social experiment na ginawa ng isang dayuhan, isang buko vendor ang hinangaan nito. Nagpanggap na pulubi ang foreigner mula Syria, na si Sam Ousta at humingi ng tulong dito. Walang alinlangan naman itong binigyan ng vendor na si Brother Bebot. Bukod sa buko, binigyan din ni Brother bebot ng face mask si Sam upang makaiwas sa virus.

nitong tanggapin noong una. Ngunit sa pamimilit ni Sam ay tinanggap na rin ni Brother Bebot ang tulong nito.

Walang pag-aalinlangan naman itong binigyan ni Brother Bebot ng isang buong buko na binalatan pa nga nito.

Pero bukod sa libreng buko, binigyan din ni Brother Bebot ng face mask si Sam upang makaiwas sa COVID-19.

“His kindness is overwhelming. He’s been working for that job for 18 years. To give me food, hindi ko na-expect,” ani Sam.

Ang hindi naman daw makalimutan ni Sam na ginawa ni Brother Bebot ay nang hawakan siya nito sa noo na tila ba bini-bless siya.

“I remember a gesture he did. He touched me on the forehead. It was like he was belssing me. I was like, ‘Grabe ang bait’”, sabi ni Sam.

Nang lumipat na ng pwesto si Brother Bebot para magtinda ay sinundan ito ni Sam at dito na ibinunyag ang kanyang pakay.

Nagpasalamat si Sam sa kabutihan ng vendor at inabutan ng tulong si Brother Bebot na ayaw pa nga nitong tanggapin noong

una. Ngunit sa pamimilit ni Sam ay tinanggap na rin ni Brother Bebot ang tulong nito.

“It really showed that he was willing to give without getting anything in return,” ayon kay Sam.

Para kay Sam, napatunayan lamang niya na handang tumulong ang mga Pinoy kahit na sa ibang lahi at kahit pa nga walang kapalit.

“Filipinos are kind without limits. They’re courteous, they give kahit sila wala. They care for their kapwa Filipino, and now they even have proven, they care for a foreigner,” dagdag pa ni Sam. *GMA News*

13 pinaka-maruruming lugar saan mang bansa

Walang awtor sa kumakalat na babalang ito sa online. Pero kapani-paniwala dahil sa sentido-komon.

Mabuti nang mag-ingat sa dumi:

1. **Swimming pools**, lalo na ang mga pambata. Sinasabing 70% ng mga ito ay may nakasasama at nakamamatay na E-coli bacteria.

2. **Menu booklet** sa restoran. Nanggigitata ito sa kapabayaang ng manager. Kung marumi ito, asahan na marumi rin ang kusina.

3. **Mga lemon sa bunganga ng baso** ng cocktails. Kadiri ang paghihiwa at paglalagak nito sa mangkok.

4. **Gripo sa mga paaralan**. Mabuti pa ang mga kubeta dahil nililinis araw-araw. Ang mga gripo bihirang masabon at iskoba.

5. **Exit door ng kubeta**. Sa saliksik, isa sa tatlong lalaki at dalawa sa tatlong babae ay hindi naghuhugas ng kamay matapos dumumi. Kaya paghawak sa doorknob palabas ng public toilets ay may nagkakat ng...

6. **Shopping carts sa supermarket**. Kung sinu-sinong bata ang iniupo ru'n. Walang kontrol ang bata sa pag-utot at pagdumi.

7. **Buton sa elevator at hawakan sa escalator**. Muli mas malimit linisin ang mga kubeta kaysa mga ito – lalo sa mga lumang gusali.

8. **Kuwarto sa otel**. Lalo na ang TV, aircon, fridge, at remote controls.

9. **Kiddie pool**. Nakah! – muli mas marumi ito kaysa inidoro.

10. **Kagamitan sa gym**. Pawis, sipon, laway, libag, at kung anu-ano ang tumatalsik sa mga ito. Madalang mapahiran ng disinfectants.

11. **Mobile phones**. Sa saliksik, 40 klase ng viruses ang nakadikit sa cell phones. Pero nakakaligtaan itong linisin,

maliban kung mabaho na.

12. **Gasolinahan**. Kung saan-saan galing ang mga tao at sasakyan na humihinto roon. Hindi alam kung ano ang nasagasaan o sakit nila.

13. **Perang papel**. Ito ang pinaka-maruming bagay saan man sa mundo. Kung saan-saan ginagamit at sinisiksik. Pugad ng mikrobyo. (Pilipino Star Ngayon)

THE BIGGEST CONCERT
EXPERIENCE OF THE YEAR

SARAH GERONIMO

TALA

THE FILM CONCERT

A ONE NIGHT ONLY, EXCLUSIVE EVENT
MARCH 27 | 8AM ET, 7AM CT, 5AM PST

DIRECTED BY
PAUL BASINILLO

GET YOUR TICKETS NOW!

ALSO AVAILABLE ON

 iWantTFC

 TFC IPTV
Pay-Per-View

FOR PH	FOR OUTSIDE PH
PHP 1,500	USD 29.99



ads@
TALIBA
it works!
www.talibaNews.com
647-287-1870
Email: talibalita@rogers.com

THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION



Visit our website @ www.talibaNews.com
Tagapagbantay sa komunidad, naghahatid ng mga balita, negosyo at serbisyo ng Filipino

P.O. Box 73066 - 2300 Lawrence Ave., E. Scarborough, Ontario M1P 2R2

TALIBA is published twice a month by **TALIBA Newspaper Canada Ltd**. We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by **Taliba Newspaper Canada Ltd** from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in **TALIBA** are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to **TALIBA** are not endorsed in any manner whatsoever. Unsolicited materials including letters to the editors are not guaranteed to be published and will not be returned unless accompanied by a Self-Addressed Stamp Envelop (SASE). Contributions represent the opinion of the authors.

Advertising artwork, photos and illustrations remain the property of **TALIBA Newspaper (CANADA) Ltd** and may not be used elsewhere without the publisher's written consent. Copyright laws apply. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. **TALIBA** aims to strengthen the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. Taliba is dedicated to entertain, inform, educate, inspire people to excel in their chosen endeavours, in order that they may be happy and live in harmony with others. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

To Advertise Call: **roLeeCab / 647-287-1870** Email: talibalita@rogers.com

We continue to help Filipino families through challenging times.

At every Arbor location, we're here to serve. Our devoted funeral and cemetery professionals are dedicated to assisting with your immediate family needs or advance planning.

We're deeply committed to the well-being of our guests and staff. Safety measures are in place, including live-streaming for gatherings, and consultations available in person, by phone and online.

Contact your nearest location to know more.



Brampton Funeral Home & Cemetery
10061 Chinguacousy Rd.
Brampton, ON
289-401-2563

Burlington Memorial Gardens
3353 Guelph Line
Burlington, ON
Tara Mae Rusin
905-963-7799

Glen Oaks Funeral Home & Cemetery
3164 Ninth Line
Oakville, ON
289-813-9379

Glenview Memorial Gardens
7541 Hwy #50
Woodbridge, ON
289-236-4681

Highland Hills Funeral Home & Cemetery
12492 Woodbine Ave.
Gormley, ON
289-301-2392

Highland Memory Gardens
33 Memory Gardens Lane
Willowdale, ON
289-275-4186

Highland Funeral Home-Scarborough Chapel
3280 Sheppard Ave. E.
Scarborough, ON
647-930-1218

Highland Funeral Home-Markham Chapel
10 Cachet Woods Court
Markham, ON
416-507-6593

Pine Ridge Memorial Gardens
541 Taunton Rd. W., Ajax, ON
Jacqueline Tayag
289-275-4189

Resthaven Memorial Gardens
2700 Kingston Rd., Scarborough, ON
Maria Lilian Arenas
647-560-6731

www.arbormemorial.ca